

Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na namumuhunan para sa mas matibay na kinabukasan para sa health care sa Brampton sa \$2.5 milyon para sa bagong Centre for Healthy Communities ng Sheridan

BRAMPTON, ON (Hunyo 7, 2022) – Nagpapatuloy ang Lungsod ng Brampton sa pamumuhunan sa mas malakas na kinabukasan para sa lokal na health care, na inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang \$2.5 milyon na pondo para suportahan ang bagong Centre for Healthy Communities ng Sheridan College.

Para magbigay ng mas mahusay na pangangalaga para sa mga taong namumuhay na may pabalik-balik na mga sakit at makatulong sa paggatong sa napakahalagang pangangailangan ng Rehiyon ng Peel para sa mga medikal na propesyonal, ang Centre for Healthy Communities ay:

- Magsasanay sa susunod na henerasyon na mga nars at allied na mga health Train the professionals sa Brampton para alagaan ang mga tao sa Brampton, Peel at Ontario; at suportahan ang pinagkaisahang bisyon para sa kultural na mahusay na pangangalaga.
- Maging buhay na laboratoryo ng inobasyon at mga partnership sa pagitan ng mga estudyante, academics, mga medikal na propesyonal, mga innovator ng teknolohiya, mga tagabigay ng panlipunang serbisyo at mga residente.
- Tutulong sa pagtugon sa pangangalagang pangkalusugan sa pasilyo (hallway health care) sa pamamagitan ng pagtugon sa pangangasiwa ng pabalik-balik na sakit sa pamamagitan ng interprofessional, pampaiwas na pangangalaga.
- Ihikayat ang paglago ng ekonomiya sa local at rehiyon sa pamamagitan ng tinatayang 200 hanggang 500 bagong trabaho sa konstruksyon, maintenance, edukasyon, health care at administrasyon, mga partnership sa industriya at pinahusay na koneksyon ng transportasyon para sa lugar.
- Dagdagan ang mga opsyon pagkatapos ng sekondarya sa Brampton sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mga graduate certificate sa Clinical Kinesiology, Regulatory Affairs at Clinical Research, at, naghihintay sa pag-apruba ng lalawigan, ang Bachelors of Nursing at Osteopathy.

Ang pondo ng Lungsod ay kumukumpleto sa \$20 milyong pamumuhunan ng Sheridan at susuporta sa pagpaplano at pagkonsulta tungo sa bagong gusali sa Davis campus sa Brampton. Ang ilan sa bagong programa ay magsisimula nang sin-agang fall 2022, habang ang natitira ay magiging available kapag naaprubahan at nadevelop ang mga bagong espasyo.

Patas na Deal para sa Brampton

Sa Enero 22, 2020, idineklara ng Lungsod ng Brampton ang emergency sa pangangalagang pangkalusugan at inilunsad ang kampanya nito sa adbokasiya, “Fair Deal para sa Brampton” – na humihiling ng karagdagang pondo mula sa Lalawigan para punan ang puwang sa

pangangalagang pangkalusugan sa Brampton. Nagpapatuloy ang Lungsod sa paggawa ng mga hakbang para tugunan ang emergency sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton at para matiyak na ang susunod na henerasyon ng mga practitioner sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring mag-train nang local sa lungsod.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kampanyang Fair Deal for Brampton, bisitahin ang Brampton.ca.

Maiikling balita

- Noong Marso 2021 [malugod na tinanggap ng Lungsod ang anunsyo sa badyet mula sa pamahalaang Panlalwigan](#) para pondohan ang pagpapalaki ng Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness ng Osler papunta sa isang bagong ospital.
- Bilang bahagi ng 2022 Badyet, [ipinakita ng Lungsod ang commitment nito sa ekspansyon ng pangangalagang pangkalusugan](#) sa pamamagitan ng pagtatalaga \$62.5M na pondo tungkol sa lokal na parte para sa bagong Peel Memorial Hospital. Noong Abril, inaprubahan ng Lungsod ang isang porsyentong levy sa ospital para buuhin ang commitment na ito at suportahan ang ekspansyon sa pangangalagang pangkalusugan.
- Noong Marso 2022, inanunsyo ng Pamahalaan ng Ontario na pinapalawak nito ang edukasyon sa medical school para buuhin ang mas matibay, mas madaling nakakabangon na sistema sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pagdadagdag ng 80 undergraduate seats at 95 postgraduate na posisyon para sa Ryerson University School of Medicine sa Brampton kapag magbubukas ito sa 2025. Sa Hulyo 2021, bumoto ang Konseho ng Lungsod ng [Brampton pabor sa \\$1 milyon na grant sa pagplano](#) para makatulong sa pagtutustos sa School of Medicine sa lungsod sa hinaharap, na tinumbasan ang pondo na [pinuhunan ng Lalawigan ng Ontario](#) sa unang bahagi ng taon na iyon. Ang pagtatatag ng isang medical school sa Brampton ay nagging isang mahalagang parte ng nagpapatuloy na trabaho sa adbokasiya ng Lungsod at naisali sa [2022 Submisyon ng Paunang Badyet sa Ontario ng Lungsod](#).
- Noong Abril 2022, [inanunsyo ng Lalawigan na namumuhunan ito ng \\$21 milyon](#) para mas suportahan ang transformasyon ng Osler sa Peel Memorial tungo sa isang bagong inpatient na ospital na may 24/7 emergency department at palawakin ang mga serbisyo sa pangangalaga sa kanser sa Brampton Civic Hospital.

Mga Quote

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagpapalakas sa ating lokal na sistema sa pangangalagang pangkalusugan tungo sa isang sistema na nagtaguyod ng lokal na talento, lumilikha ng paglago sa ekonomiya at nakakatugon sa mga pangangailangan ng ating mga residente, Ang commitment na ito sa bagong Centre for Healthy Communities ng Sheridan College ay hindi lamang nagdadagdag sa pagiging available ng pangangalagang pangkalusugan para sa ating mga residente, ngunit nagpapatibay rin sa sustenableng lokal na pagdebelop ng ekonomiya, tumutulong sa paghikayat at pagpapanatili ng mga trabaho at talento, kabilang ang tinatayang 200 hanggang 500 na full-time na mga trabaho sa Sheridan campus sa Brampton lamang.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga residente ng Brampton ay nararapat sa world class na pangangalagang pangkalusugan at edukasyon dito mismo sa ating lumalaking lungsod. Bilang area na Rehiyon na Konsehal para sa Sheridan College, ikinagagalak ko na suportahan ang pamumuhunan na ito na makakatulong sa pagde-deliver sa pagpapabuti ng access sa dekalidad na edukasyon pagkatapos ng sekondarya na kinakailangan ng mga employer na talent, habang tumutulong sa pagtugon sa mga pangangailangang pangkalusugan sa komunidad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyon na Konsehal, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isa sa pinakamabilis na lumalaki at pinakabatang komunidad sa Canada, at bilang isang Lungsod ng mga Oportunidad, dedicated tayo sa pagpapalawak sa mga oportunidad matapos ang sekondarya para sa ating mga residente at pagging handa para sa mga pangangailangang darating sa pangangalagang pangkalusugan. Ang pamumuhunan na ito sa bagong Centre for Healthy Communities ng Sheridan College ay makakatulong sa paggatong sa pangangailangan ng Brampton para sa mga medikal na propesional at magbigay ng mga pagkakataon sa local na edukasyon para sa mga residente.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Nananabik tayo na dagdagan ang mga opsyon pagkatapos ng sekondaryo sa Brampton lalo na sa pagtuon sa mga kritikal na pangangailangan ng komunidad kung ang pagtugon sa mga pabalik-balik na sakit ang pag-uusapan. Kalahati ng mga residente ng Peel ay may kahit isang nadayagnos na pabalik-balik na sakit at 73 porsyento ng populasyon ng Brampton ay malinaw na minoridad at kulang ng access sa kultural na mahusay na pangangalaga. Ang komunidad na ito ay nangangailangan ng Centre for Chronic Disease Management na magiging bahagi ng proyektong ito para tugunan ang napakahalagang mga pangangailangan sap ag-was at pangangasiwa para sa mga taong namumuhay na may diabetes, cardiovascular disease at iba pang pabalik-balik, na magtutulak sa mga tao sa mga emergency room. Sa pagbibigay ng kahit 700 bagong mga upuan sa pangangalagang pangkalusugan matapos ang sekondaryo sa Brampton, tumutulong tayo sa pagpapanatili ng lokal, napakahusay na sinanay na mga propesional sa pangangalagang pangkalusugan sa Rehiyon ng Peel.”

- *Janet Morrison, Presidente at Vice-Chancellor, Sheridan College*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca



Media Release

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca